The Imus 'Vice': Hardworking, very reachable Saki P8

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 5 10.00 OCT. 30 - NOV. 5, 2023

# Posible: Digong numero unong senador sa 2025

Kung mahihikayat na tumakbong senador, posibleng manalo si ex-President President Rodrigo Roa Duterte sa 2025 midterm election, ayon sa pinakahuling survey ng Publishers Association of the Philippines. Inc. (PAPI).

Si Duterte ang lumitaw na pinakapaborito at numero uno sa iboboto ng 1,000 tao mula edad 18-50 sa survey ng PAPI na ginawa noong Oktubre 2-8 sa mga barangay sa buong bansa.

Patunay ito na nananatiling pinakapopular na personalidad ang dating pangulo, kahit maraming ulit na sinabi niya na nais niyang manatiling "Private Citizen" na lamang.

No. 2 sa survey si dating senador at boxing icon Emmanuel 'Manny' Pacquiao; No. 3 si Sagip Partylist Rep. Rodante D. Marcoleta, kasunod si Sen. Imee Marcos, No.4; at No. 5 si Sen. Christopher Lawrence 'Bong' Go, at No. 6 si dating Senate President Vicente 'Tito' Sotto III.

No. 7 si radio-TV personality at ACT-CIS Partylist Rep. Erwin Tulfo, kasunod si Sen. Ramon 'Bong' Revilla Jr., No. 8; Sen. Ronald 'Bato" Dela Rosa, No. 9, at No. 10 si Sen. Manuel 'Lito' Lapid.

Posible ring iboto si Sen. Pia Cayetano, No. 11; at No. 12 si ex-Manila Mayor Francisco 'Isko Moreno' Domagoso.



Kabilang sa Top 20 sa PAPI survey sina Local Government Secretary Benhur Abalos Jr., ex-VP Leni Robredo, dating Sen. Panfilo 'Ping' Lacson, Sen. Francis Tolentino, ex-Sen. Gregorio 'Gringo' Honasan, Dr. Willie Ong, ex-Sen. Mar Roxas, at No. 20 si defense Secretary Gilbert 'Gibo" Teodoro.

'Sa 2025 pa ang midterm elections, magbabago pa ang ranking, pero kung ngayon ang halalan, malaki ang posibilidad na manalo si dating President Duterte," sabi ni Nelson Santos, national president ng PAPI.

Sa ulat ng Philippine Statistics Authority (PSA) mayroong 42,046 barangay sa buong bansa noong 2021.

Bente (20) porsiyento sa PAPI survey ay mula sa A at B population; 70% mula sa C, D at sa E population, 10%.

# Congratulations, mabuhay!




Siyempre ay ikinatuwa ni Maragondon Mayor Lawrence 'Umbe' Arca ng munisipalidad ng Maragondon ang kahanga-hangang pagkilala sa kampanya nito na mapangalagaan ang mga mamamayan, lalo na ang mga kabataan laban sa ilegal na drloga.

Patunay sa epektibong aksiyon laban sa bawal na gamot, binigyan pagkilala ang Maragondon bilang National Awardee for Anti-Drug Abuse Council FY 2023.

Sa FaceBook page ng Maragondon PIO, ar sa hashtag na #UmaaksyonAgad, #AlagangUA, sinabi na naipakita ng Anti-Drug Abuse Council (ADAC) ng munisipalidad ang mahusap na implementasyon sa mga gawain at polisiya laban sa pag-abuso sa bawal na droga.

Naipakita rin ng lokal na ADAC na nagpatupad ito nmg maayos na programa na dahilan upang gawaran ng natatanging gawad bilang National Awardee for Anti-Drug Abuse Council ngayong taon 2023. **/JANETH W" BILBAO**



**Maragondon Mayor Lawrence 'Umbe' Arca**

# PBBM admin confident on reducing poverty by 2028

The Marcos administration is still focused on its priority to reduce poverty incidence among Filipinos to nine percent by 2028 through various strategies and whole-of-society approach, said National Economic and Development Authority (NEDA) Secretary Arsenio Balisacan said on Thursday, Nov. 2.

Balisacan issued the statement a day after the release of Social Weather Stations' (SWS) self-rated poverty survey showing almost half of Filipino families consider themselves living in poverty.

"We note that the SWS September

*See page 2*




# Green Papaya Hotel and Resort, isinarado

DAHIL walang business permit at nakitaan ng maraming paglabag sa ordinansa ng munisipalidad ng Silang, agad na ipinatupad ng Municipal Business Permit and Licensing Office (MBPLO) ang utos ni Mayor Kevin Anarna na ipasara ang Namsong Golf Resort Corp. na mas kilala sa pangalang Green Papaya Hotel and Resors sa Lalaan 1st, noong Martes, Oktubre 24.




Pinangunahan ang pagpapasara ni Ms. Lesley Anne B. Poblete, JD ng MBPLO, kasama sina Doc. Cherry Z. Cuevas ng Municipal Planning and Development Council (MPDC), Engr. Erna Rezza T. Panis, Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO), Engr. Patrice Ann De Leon, Office of the Building Officia (OBO) at Ms. Aileen Del Barrio, Sanitary Officer, Municipal Health Office (MHO).

Nabatid na nilabag ng kompanya ang Sec. 20, Ordinance No. PB-018, series of 2017 -- ang umiiral na Tax Revenue Code ng Silang. **/JWB**

# CaviTienda Trade Fair

Matagumpay na naipakilala sa madla ang ipinagmamalaking produkto at serbisyo ng 20 micro, small and medium enterprises (MSMEs) sa inilunsad na CaviTiendaL Cavite Finest Products Trade Fair nitong Oktubre 27-29.

Itinaguyod ito ng Department of Trade and Industry (DTI)-Cavite sa tulong ng lokal na pamahalaan ng Silang at ng Acienda Designer Outlet na dinaluhan ng mga pinuno ng iba-ibang departamento ng pamahalaang panlalawigan, mula kinatawan ng Department of Science and Technology (DOST), at mga opisyal ng pamahalaang bayan ng Silang.

Sa okasyon, hinikayat ni Ms. Chie Ricasata, Brand Communications Manager ng Acienda Designer Outlet ang madla na tangkilikin ang maipagmamalaking produktong gawa ng MSMEs.

*Sundan sa pahina 2*

# KBL North Luzon holds conference in Pampanga

Page 2

# Maraming salamat po, ka-Barangay Makina



SA TOTOO LANG!

# UNAP Ambassador for Peace Rhian Ramos Lights the First Candle of Peace at UN's 78th Anniversary Celebration

see P.2




# KBL North Luzon holds conference in Pampanga

THE 2023 Kilusan ng Bagong Lipunan (KBL) North Luzon Conference became livelier with the launch of Miss KBL and band competitions during the event in Mabalacat, Pampanga recently.

It was likewise a happy occasion with the personal appearance of former jukebox queen and ex- vice governor of Camarines Sur, Imelda Papin.

The event held at Royce Hotel, also launched the contest for Miss KBL won by Estephanie Ladignon of Nueva Ecija while Salinlaji Band of Pampanga Province emerged the champion in the competition.

Calling party members "resilient," KBL national president Efren A. Rafanan, quoted former President Ferdinand Edralin Marcos Sr.: "In every dark hour of our national life, a leadership of frankness and vigor has met with that understanding and support of the people themselves which is essential to victory."

"As KBL members, you are part of a community that embodies hope in action. It's in your unwavering commitment to the principles that define us, in your willingness to stand up for what is right and in your persistent efforts to create positive change," said Rafanan.

In response, KBL vice president for North Luzon, Crisiljefv G. Garrido said, "United, we are stronger. Together, we possess an incredible wealth of knowledge, experience and passion. By supporting each other, sharing insights and lending a helping hand, we can overcome any obstacle that stands in our way."

President Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. and Vice President Sara Z. Duterte, were among the dignitaries invited to the occasion and whose messages were read on their behalf, along with Interior and Local Government Secretary Benjamin Abalos Jr.

Marcos called on all KBL members "to stay dedicated to the Party's mission and goals in every endeavor they undertake."

Meanwhile, VP Duterte called on party members "to join hands with every nation builder to usher in a brighter future for our nation where no one is left behind, guided by our commitment to integrity, sincere service and love of country."

Abalos, for his part praised the KBL members for "You have continued to be the government's trusted ally for 45 years."

Those present clamored for Papin's running for senator.

Hesitant at first, she eventually accepted the challenge, and said: "This country will be great again basta tayong lahat ay magkaisa." **/Nelson Santos,PAPI)**

# UNAP Ambassador for Peace Rhian Ramos Lights the First Candle of Peace at UN's 78th Anniversary Celebration

**Taguig City –** In a heartwarming and symbolic gesture of unity, United Nations Association of the Philippines (UNAP) Ambassador for Peace Rhian Ramos lit the first candle of peace at the recent Peace Gathering, marking the 78th anniversary of the United Nations.

The event, held at the Libingan ng mga Bayani (National Heroes Cemetery), Oct. 27 in this city, was a poignant tribute to the principles and values that the United Nations upholds.

The ceremony commenced at 8:00 AM, with a diverse group of attendees, including diplomats, community leaders, and advocates for peace, gathered in solemn reflection.

"Lighting this candle is not just symbolic but rather it's a commitment to the cause of peace that the United Nations champions," declared Rhian Ramos.

The event, which also commemorated the 76th anniversary of the UNAP, featured a wreath-laying ceremony in honor of General Carlos P. Romulo. Romulo.

Romulo --a distinguished Filipino diplomat and statesman -- played a pivotal role in the early days of the United Nations, further cementing the Philippines' connection to the organization.

Rhian Ramos is currently involved in an advocacy film for women empowerment and rural development entitled "Miss Probinsyana,"

The film is directed by the esteemed social artist and advocacy filmmaker, Jenny Pearl Ninalga,




# PBBM admin... *from page 1*

survey was conducted after a series of typhoons hit the country, which also affected food prices and directly impacted families who lacked the means to cope with the increase in prices," Balisacan said in response to the SWS' survey.

"As we noted earlier, poverty measures based on respondents' perceptions are sensitive to inflation, particularly for essential commodities. Food inflation in September was higher than in June this year due to the supply disruptions," he said.

He added that the administration prioritizes policies and programs aimed at generating more and higher-quality jobs, as this is the most robust and effective approach to reducing poverty.

"Given these strategies and our whole-of-society approach, we are optimistic that we can still reduce poverty incidence among Filipinos to 9 percent by 2028," Balisacan said. **| PND**

# CaviTienda Trade Fair... *mula sa pahina 1*

Sinabi naman ni Ms. Revelyn Cortez, officer-in-charge (OIC) assistant regional director, DTI CALABARZON na ginagawa ng ahensiya ang lahat ng tulong upang mapalago ang MSMEs na totoong napakalaki ng kontribusyon sa ekonomya ng bansa.

Sa kanyang mensahe, sinabi ni Silang Mayor Kevin Anarna na napakahalaga ng pagtutulungan ng pamahalaan at ng pribadong negoso sa pagpapalago ng kabuhayan sa komunidad,



Ang okasyon na ginanap sa Barangay Lalaan 1, inengganyo ni Mr. Arman Ilano, Center Director ng Acienda Designer Outlet ang publiko na laging suportahan ang malikhaing disenyo at produkto ng malikhaing MSMEs sa Cavite. **/ET &OPIO**

# Maraming salamat po, ka-Barangay Makina



SA TOTOO LANG!

by GENE T. TAN

PAALAALA sa mga magulang, lagyan nyo ng safeguards ang mga android cellphones, tablets at iba pang electronic gadgets ng inyong menor de edad na anak.

Sa maraming social media platforms -- Facebook, You Tube, X (dating Twitter) at iba, kung di nyo mababantayan ang inyong minor children, baka 'adik' na sa panood ng lewd posts.

Uso rin ang Sex at Text (Sextext) o tinatawag na Sexting na pagpapadala ng sex photos, text messages sa mga cellphones at iba pang electronic gadgets.

Kung mga consenting adults ang nag-eenjoy sa ganitong "hobby" o mga taong nasa hustong sexual maturity at ginagawa na kapwa kagustuhan nila, lalo na ang mga couples na malayo sa isa"t isa, baka si misis o si mister ay nasa abroad, wala itong problema, sabi ng mas nakaaalam sa batas.

Pero kung kayo ay nasa ibang bansa na sobrang conservative ang kultura, tulad sa mga bansa sa Middle East (Saudi Arabia, Qatar, UAE at iba pa), ingat at baka lumanding kayo sa piitan.

Itong ganitong bisyo ay nagagamit din na pam-blackmail (teka, bakit black, wala bang whitemail?) sa mga magkasintahan o menor de edad na nalinlang na magpakita ng maseselang bahagi ng katawan, kawawa ang mga mabibiktima ng mga sex predators.

Nagagamit ito sa isang menor de edad upang takutin na hiyain o ilagay sa malaking eskandalo ang isang tao, ito ay isang krimen na may katapat na mabigat na parusa.

Kaya mga mother, father, lalo na ang mga solo parents na wala sa bahay kasi busy sa hanapbuhay at naiiwan ang mga anak, magbantay na mabuti-- paminsan-minsan, silipin ang mga naiiwang gadgets ng inyong mga kids.

Paalala sa mga bastos, may batas na magpaparusa sa inyo, ito ang Republic Act 9262 (Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004) na ang pokus ay bigyan ng proteksiyon ang mga babae at mga bata laban sa lahat ng porma at uri ng karahasan.

Warning din ito sa mga pasaway na lalaki o babae na nais gamiting panakot o gumaganti sa nakaaway sa pamamagitan ng sexting.

Mabigat ang parusa sa inyo, eto inyong basahin:

Sa kasong Ang v. Court of Appeals, G.R. No. 182835, pinarusahan ang akusado sa paggamit ng cellphone at iba pang modernong information gadgets para hiyain at gawan ng pananakot ang isang babae.

Ang manyak na lalaki ay nabigo na makumbinsi ang dating nobya na makipagbalikan, kaya ang ginawa niya ay ito -- pinadalhan niya ang ex-GF ng mga larawang hubo-hubad, nakabukaka at kita ang private parts.

Gamit ang husay sa photo editing, sa malaswang larawan ay inilagay ang muka ng ex-GF at ito ang ginamit na panakot ng lalaki -- sa paniniwalang kung matatakot, makikipagbalikan na ang babae sa kanya.

Nagbanta ang manyak na kapag tumanggi na magbalikan sila, ikakalat niya ang mga niretoke na malalaswang larawan sa social media.

Guilty ang lalaki sa korte at umapeka siya sa Court of Appeals, na umabot pa sa Supreme Court na sa final judgement, sinabi na ang manyak ay totoong nagkasala nga ng paglabag sa "Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004."

"... that the Anti-Violence Against Women law punishes any act or series of acts that constitutes violence against women. This means that a single act of harassment, which translates into violence, would be enough. The object of the law is to protect women and children. Punishing only violence that is repeatedly committed would license isolated ones."

Kahit hindi totoo na ang ex-GF ang nasa malalaswang larawan at ito ay digitally manipulated, sinabi ng SC na malaking kasalanan ito sa dangal ng babae.

Ang ginawa ng naunsiyaming BF ay katumbas ng psychological violence at tama lang na parusahan siya, ayon sa RA 9262.

@@@

Nais kong ipahatid ang sanlibong pasasalamat sa aking mga kabarangay at mga kasama sa team na sumali sa nakaraang BSKE nitong Okt. 30 -- na hindi po tayo pinalad na mahalal bilang Kagawad sa aming Barangay Makina, Naic.

Nakalusot sana tayo, pero bunga ng teknikalidad, ang botong para sa akin sa palayaw kong "Baby" ay nabalewala dahil may isa pa ring kandidato na may gayon ding palayaw na ito ang tinanggap ng Comelec.

Okay lang po ito, baka may ibang balak ang Panginoon para sa akin, at ang beauty ko ay para sa ating pahayagang BantayBalita, naks!

Pero, kahit hindi po tayo naging lingkod-bayan sa aming barangay, hindi po kami magbabago sa hangad namin na makatulong, at masaya rin pagkat nagkaroon ako ng pagkakataon na makasama at madama ang pintig ng puso ng aming kalugar.

Dama ko po ang inyong mga problema at hinaing, at sana po, ang mga nagwagi ay umpisahan nang mabuo uli ang aming barangay na, pag ganitong may political exercise, nahahati ang magkakapitbahay sa mga politikang dahilan.

Magkaisa tayo, at kami, lalo na po ako, anytime, kung inyong kakailanganin at makakaya ko po, naririto lang kami, maglilingkod sa inyo, in my personal capacity.

Muli, maraming salamat po, mga kapitbahay, kabarangay sa Makina, mabuhay po tayong lahat!

Para sa inyong komento, magmensahe sa sarfia926@gmail.com, happy reading po!

# 2023 winners of Brgy. San Francisco BSKE proclaimed


The Board of Canvassers of the recent BSKE in Barangay San Francisco, formally declared the winning candudates at the Sunny Brooke Elementary School here in Gen. Trias City, Tuesday, Oct. 31.

Candidate Santor, Ryan Tapawan garnered the highest number of votes and was proclaimed winner in the just concluded elections.

Other winners for the position of Sangguniang Barangay Kagawad were: 1. Corpuz, Orly Cubol; 2. Lumagui, Gary Dela Rea; 3. Umali, Eduardo Lacson, 4. Magsino, Dennis Lungcay; 5. Cortez, Queenie Mar Reyes; 6. Lacson, Noel Camaleja, and 7. Martinez, Leonardo Corpuz.

Elected SK hairperson was Trinidad, Kelvin Andrei Camerino.

SK Kagawad: 1. Diaz, Hazel Hilaos; 2. Lacson, Jaimie Iso; 3. Ilano, Stephanie Rentoy; 4. Bautista, Francis Joshua Ramos; 5. Monzon, Royce Anne Mendoza; 6. Regondula, Ethel Joy Aryhen Pastor, and 7. Aringo, Junito Magbanua.










BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com
/ lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

HENRY E. CAOILE
*Founder*

DOMZ B. CAOILE
*Publisher*

ELI TAPARAN II
*Editorial Consultant*

ADELA R. ZAMORA
*Special Projects Director*

GENE TAPARAN TAN
*Chief of Reporters*

JANETH W. BILBAO
*Circulation Manager*

member api PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# World Council Excellence Ministry Awardees

Kamakailan, muling nagdaos ng pagkilala at parangal ang World Council Excellence Ministry (WCEM) sa mga natatanging indibidwal na nagpakita ng kahusayan at pagmamalasakit sa kapakanan ng sangkatauhan.

Kilala ang WCEM na itinatag ni Ambassador Dr. Bobby M. Brimon na may mga kasaping kongregasyon sa 42 bansa na patuloy na lumalawak dahil sa mapagkakatiwalaang ministeryo ng pananampalatayang Kristiyanismo.

Sa parangal na idinaos na tinawag na "Global Wellness Summit 2023 (A World Without Pain), ilan sa awardee ay si Ms. Lani Ambat, may-ari ng JLorenz Construction & Trading; Mr. Rolly Turica, may-ari ng Trending Reading Reference Supply Trading, Region 4-A at si Mr. Alex Masbano, educator at bussiness entrepreneur.

Tanyag ang JLorenz Construction & Trading sa industriya ng pagtatayo ng mga gusali, pagsu-suplay ng mga materyales at gamit sa konstruksiyon at impraestruktura.

Nakapagtayo na ito ng ilang paaralan para sa Department of Education (DepED) at iba pang ahensiya ng lokal at pambansang pamahalaan.

Kinilala naman si Mr. Turica sa paglikha at pamamahagi ng mahuhusay na librong pambata ng Trending Reading Reference Supply Trading na nagbibigay ng ibayong talas sa isip ng mga mag-aaral at dagdag araling dapat na matutuhan sa elementarya at high school.

Bilang entreprenuer at edukador, isa sa masipag na tagapamahagi ng mga libro ng Trending Reading Reference si Mr. Masbano na isa ring mamamahayag ng pahayagang ito -- BantayBalita sa Batrangas at ilang probinsiya ng Calabarzon.

Dedikadong ginoo, nagbibigay ng libreng lektyur si Masbano sa mga batang nais magkaroon ng dagdag kaalaman na wala sa kurikulum ng pinapasukang paaralan.

Sa aming panayam, sinabi ni Ambassador Brimon na maraming propesyonal sa larangan ng siyensiya, medisina, edukasyon, serbisyo publiko, negosyo at maging sa hanay ng sundalo at pulisya ang kasapi ng WCEM.

"Marami pang asslociation at personalities na gustong makipag-merge sa aming World Council Excellence Awards Ministry, Inc. kaya natutuwa kami sa malaking suporta nila sa amin," sabi ni Amb. Brimon.

Nito lang Setyembre, nagkaloob sila ng mga pagkilala sa maraming indibidwal, marami ay dloktor, engineer, mga pinuno ng mga samahang sibiko at iba pang tao na nakitaan ng mahusay na kontribusyon sa kagalingan ng komunidad at ng ekonomya ng bansa.

Sabi pa ni Amb. Brimon:" Open po ang Execellence Awards sa mga nais maging member namin at sana ayu lumawak pa ito nang mas marami pa ang aming matulungan."/ **DOMZ B. CAOILE**


Si Mr. Bobby M. Brimon (center/blue barong) kasama ang mga awardee na mga doctors, businessman & other members


Si Mr  Alex Masbaño, isa sa mga awardee (long sleeve white barong), with ambassador/founder Bobby M. Brimon


Si Ms. Lani Ambat (center) awardee owner & president of J LORENZ CONSTRUCTION & TRADING


Hawak ni Mr ROLLY TURICA ang 2 award na natanggap niya mula sa pamunuan ng WCEA.











# SGMAI nagdiwang ng ika-8 Founding Anniversary

**Gen. Trias City** -- "Mabuhay, maraming-maraming salamat po, una sa ating Amang Diyos, sa pamunuan ng akademya, at mga magulang at mga batang mag-aaral na masaya nating ipinagdiriwang ang ika-8 nibersaryo ng ating paaralan."

Ito ang madamdaming binigkas ni Ms. Myra Miraflor, president/chief executive officer ng St. Gilbert Myra Academe, Inc. (SGMAI) sa kanyang mensahe sa selebrasyon ng matagumpay na pagkatatag ng paaralang ito, sa lungsod na ito, walong (8) ang nakararaan.y.

Isinabay na sa okasyon ang Family Day & Search for Mr. and Miss United NMations 2023 na idinaos sa LRT Resettlement Project Covered Court sa Barangay Santiago na labis na ikinatuwa ng mga dumalo, lalo na ang mga batang estudyante na nagpaligsahan sa kanilang kasuotang sagisag ng mga bansang kanilang kinakatawan.

Sa selebrasyon, ginunita ang maraming problema at pagsubok na hinarap at nalampasan ng SGMAI na ngayon ay isa sa kilalang paaralang nagkakaloob ng de-kalidad na edukasyon sa kabataang Caviteno.

Itinayo ang akademya nina Ms. Myra at ni Sir Gilbert Magnin, noong 2016 na sa unang taon, mayroon lamang itong 35 estudyante para sa Summer Kinder Garden classes.

Unti-unti, dumami ang enrolees, at nagdagdan din ang mga classroom at mga pasilidad ng akademya, na ngayon, umaabot na sa mahigit na 300 ang mag-aaral nito.

Ipinagpasalamat ni Mr. Magnin na nakatawid ang paaralan sa panahon ng epidemyang Covid-19 na ilan sa mga paaralang pribado ay napilitang magsara dahil sa pagkonti ng mga enrolees.

"We are so happy that we are now celebrating our 8th anniversary, thank God," sabi ni Mr. Magnin.

Kumbaga, sabi ni Ms. Miraflor, sa pagtitiyaga at pagtutulungan ng faculty, ng mga magulang, naitaguyod ang SGMAI at ngayon, isa itong kilalang institusyon ng edukasyon sa Gen. Trias City.

Panauhing tagapagsalita sa okasyon si G. Domz B. Caoile, publisher ng BantayBalita na malaki ang naitulong sa pagkatayo ng paaralan sa simula pa lamang nito.

Maasikaso si Caoile sa paghahanda at pagsasaayos ng mga dokumento at permiso sa DepEd at binanggit din ang naiambag ng tulong ni Ma'am Jack Atas, Division Supervisor -SGOD, DepEd tungkol sa mga kailangang kurikulim, tuntunin sa pamamahala at regulasyon ng SGMAI na dapat nitong maipatupad.

Ngayon, masaya si Mr. Magnin na natupad ang pangarap niya makapag-ambag ang SGMAI sa paghubog ng magandang ugali, disiplina at pagtuturo ng mahusay na edukasyon sa mga batang mag-aaral.

"Masaya kami rito sa management na makatulong sa mga magulang at batang kapos-palad sa kanilang pag-aaral,"sabi ni Ms. Miraflor.

Kung walang pambayad ang isang estudyante bunga ng kakapuisan, "inaabonohan na namin mula sa aming sariling pondo ni Mr. Magnin," sabi ni Ma'am Myra.

Naniniwala siya, sabi ni Ms. Miraflor, na karapatan ng isang bata ang edukasyon, at hindi ito dapat na ipagkait.

Pati ang sahod ng mga guro, ng prinsipal na naiaambag nila sa mga bayarin ng mga magulang na hindi nakapagbabayad sa tamang panahoné

Ito ay upang maiwasan na mahinto ang isang batang mahirap sa kanyang pag-aaral, sabi ni ni Ms. Angelita J. Victorino na siya ngayong bagong prinsipal ng SGMAI.

Pinasalamatan niya ang pangasiwaan ng paaralan sa suporta at tiwala sa kanyang kakayahan na maisulong ang mahusay na pagtuturo ng kurikulum, ayon sa tuntuning ipinatutupad ng DepEd.

"We must protect our children. They are our future, our trteasure," sabi ni Ma. Victorino.

Inaangkin ni Ms. Myra ang responsibilidad at makapag-ambag sa paghubog sa karakter, talino at pagkatao ng akademya.

"Para sa amin dito sa SGMAI, tungkulin ito. Our children's education is our contribution, actually a very good investment to the wellbeing and prosperity of our nation in the future," sabi ni Ma'am Miraflor.

Sabi naman ni Ms. Agrpina Miraflor, school administrator, kahit ano pa ang mangyari, "Itataguyod namin ang pagbibigay ng quality and affordable education to our children." **/JANETH W. BILBAO**


*Masayang nagpakuha ng larawan ang mga guest speaker, kasama ang pangasiwaan ng SGMAI, mga opisyal ng barangay, noon ay mga kandidato sa nakaraang BSKE, mula sa kanan, nakaupo --Ms. Jawen Palad, Ms. Mirick Flores, Ms. Elaiza Mae Sabater, Ms. Roan Pagkaliwangan; Mr. Domz B. Caoile, BantayBalita publisher.*

*Nakatayo mula sa kaliwa, Rev. Ric Ocampo, Mr. Ronel Solis, school staff; Ms. Emma Solis, registrar; Honorable Clodualdo 'Jojo' Mendoza, kandidatong kapitan ng barangay, Ms. Myra Magnin, SGMAI, president/CEO, John Cedric Rojas, Joshua Parot, at SGMAI administrator, Ma'am. Agripina Miraflor.*


































# KWF, nakiisa sa International Day of Sign Languages



Nagbigay pugay ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa International Day of Sign Languages, IDSL (Pandaigdigang Araw ng mga Wikang Senyas) na idinaos noong Oktubre 28.

Ito ay bilang pakikiisa ng KWF sa komunidad ng mga Bingi, at batay sa nilagdaang kasunduan ng Komisyon at ng National Coordination Network of Deaf Organizations (NCNDO).

Ang IDSL ay isang pagdiriwang na kinikilala ng United Nations (UN) at nagbibigay pugay sa kahalagahan ng mga wikang senyas sa buong mundo.

Bilang ahensiyang nagtataguyod, nagpapalaganap, at nagpapayaman sa mga wika sa Pilipinas, tumulong ang KWF sa pagdiriwang ng IDSL na pînangunahan ng Philippine Federation of the Deaf (PFD) at PFD Youth Section (PFDYS).



# Lacson: No 'legalized corruption'



Hindi totoo na may nangyayaring 'legalized corruption' sa Kongreso!

Sinabi ito ni dating Senador Panfilo Lacson sa kanyang social media post kaugnay ng mainit na isyung pinasabog ni Sass Rogando Sasot na bunga ng ipinasang Concurrent Resolution No. 10 noong 2011, wala nang ginagawang audit, hindi na tinutuos ng Commission on Audit (COA) ang lahat ng salaping natatanggap ng mga senador at kongresista.

Ayon kay Sasot, bunga ng ipinasang Concurrent Resolution No. 10 na iniakda ni Lacson, sapat na gumawa ng isang nilagdaang certification ang isang mambabatas na nagastos sa tama at sa nauukol na gastusin ang mga natatanggap na sahod, allowances, priority development and assistance fund (PDAF) at iba pa.

Sa paraang ito, tinawag ni Sasot, isang Filipinong vlogger, nangyayari ang aniya ay 'legalized corruption" sa Kongreso.

""There is no such thing as legalized corruption --- much less one with my involvement, as claimed by some sectors who are either misinformed or seeking to disinform -- or both," pahayag ni Lacson.

Dagdag ni Lacson, naatasan siya noon na iharap sa Senado ang nabanggit na Concurrent Resolution No. 10 upang lalong patibayin ang accountability sa pamamagitan ng pagsusumite ng mga kailangang resibo sa pinagkagastusan..

Kaugnay nito, hiniling ni dating Presidente Rodrigo Roa Duterte na kusang magsumite ng malinaw na resibo ang bawat kongresista at senador na magpapatunay na maayos na nagastos ang kanilang natanggap na salaping buwis ng taumbayan.

Hiniling din ni Duterte na unahin ng COA na tuusin kung tama ba at maayos na nagastos na nagastos ang pondo niya noong siya ang pangulo.

Sinabihan din ni Duterte na i-audit ang

Sundan sa pahina 7


*Cheer, more years!*

*Masigabo at matamis na pagbati sa pagdiriwang ng inyong Unang Taon ng mahusay at walang patlang na paghahatid ng makabuluhang impormasyon, balita at opinyon sa aming inyong tagasubaybay.*

*Sa panahon ng pandemya, mga paghamon sa paglalathala ng BantayBalita na puno ng hirap at sakripisyo ay nagampanan ng inyong patnugutan at ng mga reporter, kolumnista at kontribyutor ang tungkulin na makapagbigay sa amin ng mahahalagang isyung bayan.*

*Dalangin namin, malulusog na isip at katawan sa inyo at patuloy na tagumpay sa darating pang mga taon.*

*Mabuhay, at patnubay po sa inyo ng Amang Diyos.*

*Cheers, more years*



**(Sgd.) Mr. ARTURO ROSAROSO**

**Principal, General Emilio Aguinaldo National High School**

**Imus City, Cavite**




# Lacson...

*mula sa pahina 6*

opisina ng anak niyang si Vice President at Education Secretary Sara 'Inday' Duterte.

Sa paliwanag ni Lacson, nagsimula ang sistemang certiification sa pondong salapi ng bawat miyembro ng Kongreso at Senado noong 1987.

Hindi naman binabawalan ang COA na i-audit o tuusin ang mga salaping inilaang gastusin ng mga mambabatas.

" Nothing can prevent the Commission on Audit (COA) from exercising its post-audit function," paliwanag ni Lacson.

Aniya pa, walang sinoman sa gobyerno ang exempted sa COA audit.

Wika pa ni Lacson, sa buong panahon na siya ay nasa serbisyo publiko at sa Senado, palagian na sumusunod siya sa lahat ng pinaiiral na regulasyon ng COA.

"Thus, when the COA first conducted a special audit of Congress, I was the first one who submitted the receipts and related documents," sabi ng dating senador. **/ADELA R. ZAMORA**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**REGIONAL TRIAL COURT**
FOURTH JUDICIAL REGION
**BRANCH 19**
CITY OF BACOOR, CAVITE
rtc1bcr019@judiciary.gov.ph (0908-416-3847)

**PETITION FOR ISSUANCE OF SECOND OWNER'S DUPLICATE COPY OF LOST ORIGINAL CERTIFICATE OF TITLE NO. O-3521 REGISTERED TO ELENA CANUEL ISSUED BY THE REGISTER OF DEEDS OF THE PROVINCE OF CAVITE**

**LRC CASE NO. 8843-2023-102**

**LAMBERTO A. CANUEL,**
Heir/Petitioner,

**REGISTER OF DEEDS OF THE PROVINCE OF CAVITE,**
Respondent.
x----------------------------------------------x

**NOTICE OF HEARING**

There is a petition filed by petitioner through counsel for issuance of second owner's duplicate copy of lost Original Certificate of Title No. O-3521 of the Registry of Deeds for the Province of Cavite on the grounds alleged therein.

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT said petition has been set for hearing on December 12, 2023 at 1:30 in the afternoon in this Court, on which date and hour and place, any person interested is cited to appear and show cause why the same should not be granted.

Let this Notice be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Cities and Province of Cavite.

Let a copy of this Notice and that of the Petition be furnished the Register of Deeds of the City of Bacoor, Cavite and be posted by the Sheriff of this Court in three (3) conspicuous places in Bacoor City where the property is located.

WITNESS the HON. MATIAS M. GARCIA II, Presiding Judge of this Court, this 18th day of October 2023 at Bacoor City, Cavite.

**RIZALINA C. DE CASTRO**
OIC – Branch Clerk of Court

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE EMELINA PANGANIBAN DESACADA

Notice is hereby Given that the ESTATE of the Said Deceased Died intestate without any Last will or testament, that at the time of her death she Left a Bank Deposit more particular Described as follows. Bank: union bank of the Philippines. Savings account No: 109593117396 outstanding deposit: PHP 482, 820.43 EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among Legal heirs, Executed before notary public atty. Gabriel B. Octava, Under DOC. No. 266 Page No. 54 Book No. XXIV Series of 2023: Notarized Date: October 09, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 23, 30 & NOVEMBER 6, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **RICHARD C. JORDAN, MOSERRAT B. JORDAN, VINCENT RICHARD B. JORDAN, VINCENT MARK B. JORDAN and ANGELA JOYCE B. JORDAN** Who Died on April 19, 2000 at sitio kamanlangan, Camudmud, Babak Dist. Island Garden City of Samal, Davao Del Norte Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-210087 with Tax Declaration No. 237001 2011974. Located at Greenbreeze village I, Brgy, Langkaan. 2, city of Dasmariñas ( 376 ) SQM. Transfer certificate of TITLE No. ( S- 63865 ) 010-100495 with Tax Declaration No. E - 003-03974 Located at Bo. Lahuerta, parañaque City ( 240 ) SQM. Transfer certificate of TITLE No. T-440 363 with Tax Declaration No. 2370023001538 Located at brgy. Burol, City of Dasmariñas ( 70 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs, Executed before notary public atty. Joone Randyl E. Rivera Under ocumentary No. 500 Book No. 75 Page No. XIV Series of 2023 Notarized Date: October 17, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 23, 30 & NOVEMBER 6, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH PARTITION

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late spouses **DOMINADOR LOPEZ And JULIA CASAMBROS LOPEZ, Died at Gen. Emilio Aguinaldo, cavite and DELFIN ALBANO, ISABELA,** Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No. TD No. 06 0007 00174, Located at Cas.Lejos, Gen. E. Aguinaldo, cavite, survey No. CAD 489- D, Gen. Aguinaldo cadastre Lot. No. 159 area ( 12, 479 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs, Executed before notary public atty. Fe Editha M. Hernandez- Oronico Under DOC. No. 193 Page No. 40 Book No. VII Series of 2017

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 23, 30 & NOVEMBER 6, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late IMELDA CABRERA YASUKURA, Who Died on AUGUST 23, 2021 Left a parcel of Land covered By transfer certificate TITLE No. 076-2014001346 of the Registry of Deeds for tagaytay city, Located at Brgy. Biluso, silang, cavite ( 150 ) SQM. Transfer certificate of TITLE No. 74885 of the Registry of Deeds for tagaytay, Located at brgy. Patutong malaki, tagaytay city ( 262 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs. Executed before notary public / Vice Consul under DOC.No. 1304 Page No. 44 Book No. 1 Service No. 2802 fee paid ￥3,500 OR No. 10440805 Series of 2023 Notarized Date: May 22, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 16, 23 & 30, 2023**

## ADDENDUM TO EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE EMELINA PANGANIBAN DESACADA

Notice is hereby Given that **EMELINA PANGANIBAN DESACADA,** Who Died on September 21, 2021 at new York city Left tangible bank account at union bank With Savings account No. 109593 117396, Amounting to four hundred eighty two, eight hundred twenty pesos and fourty three Centavos ( PhP 482,820.43 ) that in addition to the EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT of the ESTATE of the EMELINA PANGANIBAN DESACADA, the said Deceased Died Last "September 21. 2021 at new York city. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs. Executed before notary public atty. Gabriel B. Octava Under DOC. No. 68 Page No. 13 Book No. XXVI Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 23, 30 & NOVEMBER 6, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE DECEASED PERSON RENATO T. ABANONO WITH RENUNCIATION OF RIGHT

Notice is hereby Given that the estate of the late **RENATO T. ABANONO,** Who Died on December 16, 2020 at makati city, metro Manila Left a parcel of Land Situated in the brgy. Of Cabuco ( formerly Quintana ) Municipality of trece Martinez City, cavite Covered By transfer certificate of TITLE No. 077-2021 007825 ( 36 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs Executed before notary public atty. Elpidio M. Paligutan under DOC-No. 213 Page No. 58 Book No. IV Series of 2023 Notarized Date: October 17, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 23, 30 & NOVEMBER 6, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **MARI ANTHONETTE VERGARA ESTOLE,** Who Died on December 28, 2020 at tanza, cavite Left a parcel of Land with improvement Situated at tanza, cavite covered By transfer certificate TITLE No. 057-2021 047 989 ( 32 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO under DOC No. 442 Page No. 89 Book No. 156 Series of 2023 Notarized Date: October 12, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 16, 23 & 30, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF RODOLFO MOJICA

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **RODOLFO P. MOJICA,** Who Died on March 16, 2020 at Magallanes, cavite, Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No.AA- 13- 0022 identified as Lot No. 534-A, Located at San miguel a. Maragondon, cavite ( 6,236.50 ) EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among Legal heirs, Executed before notary public atty. JO-ANN R. ALCID under DOC No. 2266 Page No. 34 Book No. 5 Series of 2023 Notarized Date: May 16, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 16, 23 & 30, 2023**

# The Imus 'Vice': Hardworking, very reachable Saki


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 5 10.00 OCT. 30 - NOV. 5, 2023


NOT true, I told to a media friend, maybe his character seems to many who do not know Vice Mayor Homer T. Saquilayan that he is an intimidating person.

"Akala mo lang 'yon," I told my friend. "Pero sobrang bait ni Vice Saki."

"Saki" is Vice Mayor Saquilayan's nickname.

Inside the Sanggunian session hall, he commands attention with charm and very professional.

Yes, his personality -- as the Imus Sangguniang Panlungsod Bayan presiding officer exudes power, yet VM Saki is very reachable.

"Madali siyang kausap, wala siyang paligoy-ligoy. Madaling lapitan."

His only "fault", he does not make promises.

"Kung hindi niya makakaya na maibigay ang inilalapit, sinasabi niya. Matapat siya. Pero pag ipinangako niya, maasahan, mangyayari."

One Monday morning, after the regular flag-raising, Vice Saki as always graciously, happily greets the ordinary people's greetings with equal warmth, evident in his timid smile.

Inside his office, Vice Mayor Saki greets everybody by smiling and saying: "Trabaho na tayo. Let's work. Andito tayo para magserbisyo sa tao. Isulit natin ang ating sinusuweldo."

What he said is not a command but a reminder that their business as public servants is serving the people.

In Imus, Vice Mayor Saki is known as a person



who has passion for hard work.

"Gusto niya, pag inumpisahan ang isang trabaho, kailangan tapusin. Hindi basta tapusin lang, dapat, maayos na natatapos."

Vice Mayor Saki said that he learned the virtue of hard work since he was an engineering student from the Manuel Luis Quezon University.

"Kailangan talaga, magsumikap, walang umaasenso kung tatamad-tamad ang isang tao. Dapat laging productive, hindi lang para sa sarili mo, para sa pamilya, para sa iba."

He said, he has the utmost respect to those who work hard for their love ones.

"Daig ng masipag ang may pinag-aralan na kulang sa gawa at pagsisikap."

Being a presiding officer is working like a professional manager, Vice Saki claimed.

He explained that the Sanggunian as a local legislative body is composed of members who have different political persuasion, education and advocacy.

"Kahit kasama mo partido, may iba-iba kayong pananaw, at bilang manager, kailangan mahusay na mapagkaisa sa iisang layunin at adhikain."

And that goal is to serve the interest of the people of Imus.

One important responsibility of the Sanggunian is to ensure that the taxpayers money is alloted to the most urgent needs and programs that would redound to the overall well-being of the city's residents.

"The Sanggunian is sponsible for continuously improving the financial performance of our city government. Kung itutulad mo sa isang kompanya, kami sa Sanggunian ay may tungkuling pangalagaan ang pera ng bayan, kasi isa ito sa napakahalagang mandato namin," Vice Mayor Saki explained.

He told this paper that he isvery very fortunate to be part of the team of good city councilors.

All Sangguniang members and the staff are obsessed in serving the people of Imus.

What is his sense of fulfillment as vice mayor?

"I want tosee a very progressive Imus. Our mayor, Mayor AA (Alex L. Advincula) has a very ambitious vision for all Imusenos. Gusto niya, kaunlaran para sa lahat, na magkaroon ng quality of life ang lahat ng hardworking city government employees, ... umasenso ang lahat pamilya," VM Saki sa.

"Gusto ni Mayor maibigay ang the best education, better health services, disenteng hanapbuhay ... good governance, mahuhusay na proyekto para sa kabutihan ng lahat ng Imuseno."

He added: "We want to contribute to the success of all Imusenos." **/Domz B. Caoile**



Vice Mayor Saki with his Sangguniang Panlungsod Family, mabuhay kayo!


# GC Technik Armoring Industries: 100 Certified European Technology!!

We ARMOR / BULLETPROOF all types of vehicles using EUROPEAN TECHNOLOGY including Parts Repair and Upgrade!

Trusted and Tested by the VIPs and Government Personnel
Clear Ballistic Glass Without Distortion
Lightweight Ballistic Materials
Military Specifications
40% lighter than the competition
Certified Armoring Company

Recognized and Awarded in Europe for Quality and Technology
We also install Bulletproof Glass and Ballistic Panels on Private and Commercial Spaces, Buildings, Houses, Frigates, Boats, and all areas that needs protection.

GC TECHNIK ARMORING INDUSTRIES

MESSAGE us for faster transaction! SMS/TEXT/VIBER 09075137923
Lot 5628 CGcTechnik Bldg., Ilaya proper. Vermosa Lone Pasong Buaya 2, Imus City, Cavite, Philippines

Be safe get Armored!!